SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG SETYEMBRE 15, 2025, LUNES, IKA-09:38 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Roselon F. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ..... | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jericho V. Asinas | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | .... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE
RECORDED
by: [signature]
Date: 30 SEP 2025
Santa Cruz, Laguna

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE
RELEASED
Name: [signature]
Date: 30 SEP 2025
Time:
Santa Cruz, Laguna

**KAPASIYAHAN BLG. 303-T2025**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 2-T2025 / KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 2-T2025 NG BARANGAY POBLACION I, SANTA CRUZ, LAGUNA NA NAGLALAAN NG HALAGANG P50,400.00 UPANG ILAAN PARA SA KARAGDAGANG ALLOWANCE NG MGA BARANGAY HEALTH WORKERS (3); BARANGAY NUTRITION SCHOLAR (1); DAYCARE WORKER (1); BARANGAY TANOD (10); BARANGAY RECORD KEEPER (1); UTILITY WORKER (2); STREET SWEEPER (2) AT MESSENGER (1) PARA SA SUSUNOD NA TAONG 2026.**

SPONSOR – HON. RIZALDY N. KALAW

**SAPAGKAT,** may kahilingan ang Sangguniang Barangay ng Poblacion I sa sangguniang ito na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 2-T2025/ Kautusan sa Paglalaan Blg. 2-T2025 na nagdaragdag ng Allowance ng mga kawani at katulungin ng sanggunian para taong 2026;

**SAPAGKAT,** ang nasabing kapasiyahan / kautusan ng barangay ay iniliwat sa Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan, Lupon sa Barangay Affairs at Lupon sa Kautusan at Batas para sa pagsusuri at pag-aaral.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan nina Kgg. Norman T. Tolentino, Kgg. Lea A. Almarvez, Kgg. Roselon F. Pamatmat at Kgg. Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 2-T2025 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 2-T2025 ng Barangay Poblacion I, Santa Cruz, Laguna na naglalaan ng halagang P50,400.00 upang ilaan para sa Karagdagang Allowance ng mga Barangay Health Workers (3); Barangay Nutrition Scholar (1); Daycare Worker (1); Barangay Tanod (10); Barangay Record Keeper (1); Utility Worker (2); Street Sweeper (2) at Messenger (1) para sa susunod na taong 2026.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan Joseph Kris Benjamin B. Agarao, Pambayang Administrador, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran at Sangguniang Barangay ng Poblacion I, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTIBAY. Setyembre 15. 2025**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**AMYCAR O. SANTOS**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. JOSEPH KRIS BENJAMIN B. AGARAO**
Punong Bayan